

Pagpapakilala sa Pusa at Aso

Orihinal na sinulat ni: Dr. Sherry Woodard

Isinalin sa Filipino ni Jessica Mabiog

May mga aso na kayang mamuhay kasama ang mga pusa; may iba naman na sadyang hindi pwedeng isama sa mga pusa. Kahit ang aso ay dati nang namuhay na may kasamang pusa at ang pusa ay namuhay na na may kasamang aso, kailangan pa din maging maingat sa unang pagpapakilala. Mas makabubuti na may presensya ng dalawang tao upang maging tagapamagitan kung kinakailangan. Kung ikaw ay mayroong isa o higit pang mga aso, gawin ang pagpapakilala ng aso sa pusa ng hiwa-hiwalay.

Ang aso ay dapat itali ng maluwag. Nararapat na may isang taong tumitingin sa ikinikilos ng aso at ang isa naman ay sa pusa. Kung ang pusa ay hindi umaaktong agresibo (nakataas ang likod, umaangil) tungo sa aso, maaari itong hayaan na gumalaw ng malaya. Ang pusa ay malimit maging banta sa aso ngunit mayroong mga pusa na magiging agresibo sa pagsalubong sa aso. Kung ang aso ay hindi umaaktong matapang patungo sa pusa, maaari na ninyong utusan ang aso na umupo, o humiga at tumigil, habang ang pusa ay malayang nakakagalaw, amuyin ang aso kung nais nito. Nararapat na bigyan ng papuri o gantimpala ang aso kung hahayaan lang nito ang pusa.

Kung ang aso ay nagpapakita ng pagiging agresibo, ito ay magiging pokus; magiging mahigpit ang katawan at tititig, at maaring magsimulang tumahol o umingit. Kapag ang aso ay nagpakita ng ganitong senyales, huwag hahayaan ang aso na lumapit sa pusa. Lalo na, huwag hayaan ang aso na habulin ang pusa. Kung ang aso ay akmang susugurin at sinusubukang habulin ang pusa, kinakailangan ninyong humanap ng ibang pamamaraan upang sila ay maaring magbigay ng puwang sa bawat isa.

Sa halip, ilagay ang pusa sa kwarto na may mataas harang ang pintuan para sa kuting. Ilagay na dito ang lahat ng pangangailanagn ng pusa katulad ng trey na paglalagyan ng dumi nito, pagkain, at tubig. Hayaan ang aso na makita ang pusa mula sa loob ng kwarto, at hikayatin ang aso na magpokus sa ibang bagay katulad ng paglalaro or pagpraktis ng mga direksyon. Purihin at bigyan ng pabuya ang aso dahil sa pagiging pokus nito. Patuloy na hayaan ang aso na makita ang pusa sa buong araw.

Ang inaasahan dito ay ang mawalan ng interes ang aso sa pusa. Sa ibang pagkakataon, ang aso ay mawawalan ng interes sa pusa sa loob ng ilang oras, ngunit meron naman na kinakailangan ng ilang araw, at may iba naman na hindi talaga maaring magsama sa isang lugar ang aso at pusa. Kung nararamdamam ninyo na hindi ninyo mapagkakatiwalaan ang inyong aso kapag malapit sa inyong pusa, kinakailangan ninyo silang panatilihing magkahiwalay. Maraming aso ang maaring makapanakit o

makapatay ng pusa, at ang pusa ay maaari ring makapanakit ng aso (pinsala sa mata ay hindi pangkaraniwan).

Ngayon, tungkol sa mga kuting at tuta: kapag ipinapakilala ninyo ang pusa sa isa o higit pang mga aso, ipakilala ninyo ng isa-isa. Ang mga kuting ay maaring hindi natatakot sa mga aso, kaya mabuting bantayan maigi ang aso. Kung ang inyong aso ay bata pa at mataas ang enerhiya, maaari nitong masaktan o mapatay ang pusa kahit pa ito ay nakikipaglaro lamang. Dahil ang mga kuting ay maliliit at nais tumakbo at maglaro, ang isang asong mabangis ay maaaring masabik sa bawat kilos ng kuting.

Sa katunayan, ang mga kuting at tuta ay hindi nararapat na pag-iwanan (should not be left alone at all). Kahit na maaaring magsama ang aso at pusa, maaring pa din itong maging agresibo at masaktan ang pusa. Sa ikabubuti nila, palagiang paghiwalayin ang aso at ang pusa kung walang nagmamasid.

Maaring maging madali ang pagpapakilala sa aso at pusa kung ang pusa ay magpapakita ng kakayanan na tumayo sa kanyang sarili at ipakita sa aso kung alin ang kanyang teritoryo. Subalit, kung ang inyong makulit na aso ay hinahabol ang inyong mahiyaing pusa, kakailanganin ng pusa ang inyong tulong upang makontrol ang aso. Hanggang tumanda ang tuta at magkaroon na ito ng kaalaman sa pagpipigil sa sarili at ilang mga kasanayan, ang harang sa pinto ay makakatulong upang mapanatiling ligtas at magkahiwalay ang mga alaga.

Ang mga hayop na nakaranas ng magandang nakaraan ay kadalasang madali at mabilis makaangkop. Ngunit, kapag ang pagpapakilala ay hindi maganda ang kinahantungan, mas makabubuti na humingi ng propesyonal na tulong mula sa isang behaviorist. Iwasan ang pagpaparusa – hindi ito makatutulong and maaari pang magpalala ng sitwasyon.